Mahal na mga Pamilya ng Pampublikong Paaralan ng Seattle,

Noong Setyembre 5, 2017, inatasan ni Presidente Trump ang Departamento ng Seguridad ng Bansa ng U.S.(Department of Homeland Security (DHS) at ang Serbisyo sa Pagkamamayan ng US at Imigrasyon (Citizenship and Immigration Services (USCIS) na unti-unting alisin at malao't madali ay tapusin ang Programang Pagpapaliban ng Aksiyon sa Pagdating ng Bata (Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) sa susunod na dalawa at kalahating taon.

Ang DACA ay nagbigay proteksiyon na sa halos 800,000 batang walang papeles na mandarayuhan na dinala sa Estados Unidos nang bata pa mula sa deportasyon at nabigyan sila ng pagkakataon upang makamit ang pangarap ng Amerikano.

Kinikilala namin na ang kautusang ito ay nagpataas ng pagkabalisa at takot para sa aming mga pamilya at mag-aaral. Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay naninindigan kasama ng aming gobernador, punong abogado ng estado, delegado ng local na lehislatibo at mga inihalal na lider ng lungsod at rehiyon laban sa pagtatapos ng DACA. Umaasa kami na ang Kongreso ay mabilis na kikilos upang humanap ng positibong kalutasan.

Nakapangako ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle para sa pagtuturo sa mga bata kahit ano pa man ang relihiyon, lahi, pinagmulan, sekswal na kinalakihan, kasariang pagkakakilanlan, pinagmulang bayan o katayuan bilang mandarayuhan. Gagawin namin kahit ano ang mangyari para siguruhin na bawa't mag-aaral ay umunlad at gusto naming bigyan kayo ng katiyakan na gagawin namin ang lahat sa buo naming makakaya na siguruhin na lahat ng bata ay ligtas, pinararangalan at iginagalang samantalang nasa aming kalinga.

Sa pagsuporta sa pangakong ito, nilinaw namin ang aming tugon sa nagpapatupad ng Imigrasyon at Tagapagpatupad ng Adwana (ICE) sa pamamaraan ng aming superintendente ng taong nakaraan at ibinahagi ang impormasyon sa mga kawani ng paaralan. Kinabibilangan ng mga mahahalagang punto ay:

- Ang distrito ay hindi kailanman magtatanong sa o magtatala ng impormasyon tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng mag-aaral o pamilya.
- Kung ang isang ahente mula sa ICE ay humingi ng impormasyon tungkol sa isang mag-aaral, o makiusap na makapasok sa isang gusali ng paaralan o ari-arian ng distrito, isasangguni ng kawani ang ahente sa Tanggapan ng Pangkahalatang Tagapayo (Office of the General Counsel) ng distrito .
- Ang pangkalahatang tagapayo ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seatle ay susuriin ang mga kredensiyal at pagsusumite ng nakasulat na kapahintulutan upang gumawa ng aksiyon bago gumawa ng pagpapasya kung magbibigay ng pagsang-ayon sa pagpasok.
- Sa karagdagan, nagtatrabaho kami sa pakikipagsamahan sa Family Unity Project of Northwest Immigrant Rights Project (NWIRP) upang siguruhin na ang mga bata at pamilya ng mag-aaral na nakaenrol sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakakakuha ng legal na serbisyo na may kaugnayan sa imigrasyon mula sa NWIRP. Ang mga indibidwal na gustong humingi ng tulong mula sa Proyektong Pagkakaisa ng Pamilya ay maaaring kontakin si Kayley Bebber para sa isang teleponong pakikipanayam sa 206-957-8649 o kayley@nwirp.org.

Naniniwala kami sa Saligang Batas ng U.S. at sa mga kalayaan, proteksiyon at oportunidad na ibinibigay nito. Magkasama, kailangan nating ipagtanggol ang kahalagahan na mayroon tayo at manindigan para sa bawa't isa. Pinasasalamatan ko ang tiwalang ibinibigay ninyo sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle at gagawin namin ang lahat upang pangalagaan ang mga karapatan ng ating pamayanang paaralan, kasama iyong mga mag-aaral na imigrante at mga pamilya.

Taos Puso,
Dr. Larry Nyland
Superintindente